


Kasiyahan ng Consumer Buod ng Survey

Tagsibol ng 2023 – Bersyon para sa Kabataan




LOS ANGELES COUNTY
DEPARTMENT OF
MENTAL HEALTH
hope. recovery. wellbeing.



Ang Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-iisip ng Los Angeles County ay nangangasiwa ng mga survey sa loob ng isang linggo isang beses sa isang taon para masuri kung ano ang nararamdaman ng aming mga consumer tungkol sa aming mga serbisyo. Noong Tagsibol ng 2023, nakatanggap kami ng **9,545** na mga kumpletong tugon. Ang **Kabataan** edad 13 hanggang 17 ay nakakumpleto ng **1,437** na survey o **15.1%** ng lahat ng tugon.





99% ng **Kabataan** ay lubos na nasisiyahan na tinatrato sila ng mga tauhan nang may respeto.





99% ng **Kabataan** ay lubos na nasisiyahan sa pakiramdam na ang mga tauhan ay nakipag-usap sa kanila sa paraang nauunawaan nila.



96% ng **Kabataan** ay nakaramdam ng lubos kasiyahan na tumulong sila sa pagpili ng kanilang paggamot.



96% ng **Kabataan** ay lubos na nasisiyahan na mayroon silang mga tao na makikinig at mauunawaan sila kapag kailangan nilang makipag-usap.



Karamihan sa mga kalahok sa survey para sa kabataan ay kinilala bilang Latino, na sumasalamín sa demograpiko ng Los Angeles County.

Karamihan sa mga survey ng kabataan ay nakumpleto sa **Ingles** na may mas maliit na bilang sa **Espanyol**.